ST PAULS MEDIA pastoral ministry
SAMBUHAY MISSALETTE • JUBILEE YEAR 2025: PILGRIMS OF HOPE

Taon 38 Blg. 31 | Simbang Gabi | Misa de Gallo — Puti | Disyembre 20, 2024

# LINGAP ANGHEL

P. Joseph Don Zaldivar

Ang mga anghel ay hindi lamang mga tagapagbalita, kundi tapag-alaga rin (tgn. Mc 1:13). Ang pagbabalita ni Gabriel kay Maria ay nagpahiwatig ng tatlong katangiang nagpapasilip sa paglingap ng mga anghel.

**1. Pakikinig at pagbubukas ng diyalogo.** Sanay tayo sa mga tagapagbalita na nagsasalita lang at hindi umaasa ng sagot o reaksiyon. Subalit ibang uri ng tagapagbalita si Gabriel. Nakipag-usap siya kay Maria, at pinahintulutan niya pa si Maria na hamunin ang balitang dala: "Paano naman ito maaaring mangyari?" Nagbukas siya ng puwang kay Maria upang ipahayag ang mga tanong at pagkabagabag sa puso niya.

Gayon nga lumingap ang mga anghel: Mabait silang nakikinig at naglalaan ng ligtas, bukas, at magalang na puwang upang makapagpahayag ang kapwa ng mabibigat, magugulo, o madidilim na laman ng kanilang mga isip at puso. Hindi sila nagsasarang-loob sa mga pighati at dalamhati ng mundo. Sa halip, naghahandog sila ng pagkakataon upang maiparating natin ang mga hinala, hinaing, hinanakit, at hinagpis na bumabalot at lumulunod sa mga puso natin.


**2. Pagpapalalim at Pagpa-palawak ng Pananaw.** Pagkarinig ni Gabriel sa tanong ni Maria, tinulungan naman niya ang dalaga na makita ang pananatili at galaw ng Diyos sa kalooban at kapaligiran ni Maria. Itinuro ng anghel kung paano kumikilos ang Diyos kay Maria: "Mananaog sa iyo ang Espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan." Saka naman niya itinukoy ang himalang pagbubuntis ni Elisabet sa kabila ng katandaan: "sapagkat walang imposible sa Diyos."

Gayon nga lumingap ang mga anghel: Tinutulungan nila ang kapwa na mapansin ang pagbibiyaya ng Diyos. Madalas, kapag nahaharap tayo sa pagsubok, kumikitid at bumababaw ang ating pananaw, at ang nakikita na lang natin ay ang mga problema at panghihina. Ngunit palalawakin at palalalimin ng mabubuting anghel ang paningin ng mga puso natin, upang makita natin ang galing, yaman, at tulong na handog na Diyos sa atin, at mapansin natin ang mga himala ng Diyos sa loob at paligid natin.

**3. Pagpaparaya at Pagtitiwala.** Sa dulo ng Ebanghelyo, ani San Lucas, "At iniwan siya ng anghel." Iniwan ni Gabriel si Maria, animo'y mag-isa sa pagtupad sa kaniyang misyon. Mas maganda siguro kung sinamahan niya si Maria para matulungang harapin ang mabigat na tungkulin bilang ina ng Manunubos. Subalit iniwan niya si Maria.

Ganoon nga marahil lumingap ang mabubuting anghel. Yumayakap, ngunit nagpaparaya rin. Nagtataguyod ngunit nagtitiwala rin. Hindi nila hangad na manatiling nakakapit o nakaasa sa kanila ang mga taong nililingap nila. Sa halip, naniniwala sila sa kakayahan ng mga taong nililingap nila, at ikinakawing sila sa awa at tulong ng Diyos. At kapag natupad na nila ang kanilang malingap na tungkulin, aatras sila upang pagmasdan ang rikit at agos ng hiwaga at biyaya ng Diyos sa taong nililingap nila.

Ngayong darating na Kapaskuhan, pasalamatan natin ang mga anghel na isinugo ng Diyos upang lumingap sa atin. Kalingain din natin ang isa't isa ayon sa halimbawa ng mga anghel.



## PASIMULA

**Antiponang Pambungad**
(Is 45:8)
*(Basahin kung walang pambungad na awit.)*

**Pumatak na waring ulan magmula sa kalangitan, nawa'y umusbong din naman mula sa lupang taniman ang Manunubos ng tanan.**

**Pagbati**
*(Gawin dito ang tanda ng krus.)*

**P—**Sumainyo ang Panginoon.
**B—At sumaiyo rin.**

**Paunang Salita**
*(Maaaring gamitin ito o isang katulad na pahayag.)*

**P—**Ang Misa sa araw na ito ay tinatawag ding *Missa Aurea* o "Ginintuang Misa." Ipinagdiriwang ang *Missa Aurea* noon nang may malaking kapistahan; nakasulat sa ginto ang malalaking titik ng Ebanghelyong babasahin sa aklat, at maliwanag ang mga kandila sa buong Misa. Ang kapistahan, mga titik na ginto, at liwanag ng mga kandila ay mga pagpapahayag ng dakilang biyayang idinulot ng mga salita ng Anghel Gabriel at ng tugon ni Maria.

Ngayon di'y ipapahayag ang simula ng buhay ni Hesus, ang Salitang nagkatawang-tao.

**Pagsisisi**

**P—**Mga kapatid, tinipon tayo bilang kaanib ng angkan ng Diyos, kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad ng lubos. *(Tumahimik)*

**P—**Sinugong Tagpagpagaling sa mga nagsisisi: Panginoon, kaawaan mo kami.
**B—Panginoon, kaawaan mo kami.**
**P—**Dumating na Tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi: Kristo, kaawaan mo kami.
**B—Kristo, kaawaan mo kami.**
**P—**Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami: Panginoon, kaawaan mo kami.
**B—Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P—**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
**B—Amen.**

**Gloria**

**B—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin, dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

**Pambungad na Panalangin**

**P—**Manalangin tayo. *(Tumahimik)*
Ama naming makapangyarihan, patawarin mo ang aming mga utang sapagkat kami'y hindi makababayad nang lubusan kaya't makaligtas nawa kaming tanan pakundandangan sa pagdalangin ng Mahal na Birheng Ina ng Diyos para sa aming kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B—Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** (Is 7:10–14)
*(Umupo)*

*Magbibigay ng palatandaan ang Diyos na magpapatunay ng kaniyang kapangyarihan at katapatan: maglilihi ang isang dalaga at ang kaniyang anak ay tatawaging Emmanuel—"Ang Diyos ay nasa piling natin."*


**Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias**

NOONG mga araw na iyon, ipinasabi ng Panginoon kay Acaz: "Humingi ka sa akin ng palatandaan, maging sa kalaliman ng Sheol o sa kaitaasan ng langit." Sumagot si Acaz: "Hindi po ako hihingi. Hindi ko susubukin ang Panginoon." Sinabi ni Isaias: "Pakinggan mo, sambahayan ni David, kulang pa ba ang galitin ninyo ang mga tao na pati ang aking Diyos ay inyong niyayamot? Kaya nga't ang Panginoon na rin ang magbibigay ng palatandaan: maglilihi ang isang dalaga at manganganak ng lalaki at ito'y tatawaging Emmanuel."

—Ang Salita ng Diyos.
**B—Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan** (Slm 23)

**T—Ang Panginoo'y darating, s'ya'y dakilang Hari natin.**




**1.** Ang buong daigdig, lahat ng naroon,/ may-ari'y ang Diyos, ating Panginoon;/ ang mundo'y natayo at yaong sandiga'y/ ilalim ng lupa, tubig kalaliman. **(T)**

**2.** Sino ang marapat umahon sa burol,/ sa burol ng Poon, sino ngang aahon?/ Sino'ng papayagang pumasok sa templo,/ sino'ng tutulutang pumasok na tao?/ Siya, na malinis ang isip at buhay,/ na hindi sumamba sa diyos-diyosan;/ tapat sa pangako na binibitiwan. **(T)**

**3.** Ang Panginoong Diyos, pagpapalain siya,/ ililigtas siya't pawawalang-sala./ Gayon ang sinumang lumalapit sa Diyos,/ silang lumalapit sa Diyos ni Jacob. **(T)**

**Aleluya** *(Tumayo)*

**B—Aleluya! Aleluya! Halina, Susi ni David, binubuksan mo ang langit upang kami ay masagip. Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** (Lc 1:26–38)

**P—**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

**B—Papuri sa iyo, Panginoon.**

NANG ikaanim na buwan na ng pagdadalantao ni Elisabet, ang anghel Gabriel ay sinugo ng Diyos sa Nazaret, Galilea, sa isang dalaga na ang pangala'y Maria. Siya'y nakatakdang ikasal kay Jose, isang lalaki buhat sa lipi ni Haring David. Paglapit ng anghel sa kinaroroonan ng dalaga, binati niya ito. "Matuwa ka! Ikaw ay kalugod-lugod sa Diyos," wika niya. "Sumasaiyo ang Panginoon." Nagulumihanan si Maria sa gayong pangungusap, at inisip niyang mabuti kung ano ang kahulugan niyon. Kaya't sinabi sa kanya ng anghel, "Huwag kang matakot, Maria, sapagkat kinalulugdan ka ng Diyos. Makinig ka! Ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki, at siya'y tatawagin mong Hesus. Magiging dakila siya, at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman, at ang kanyang paghahari ay walang hanggan."

"Paanong mangyayari ito, gayong ako'y dalaga?" tanong ni Maria. Sumagot ang anghel, "Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Kaya't banal ang ipanganganak mo at tatawaging Anak ng Diyos. Natatandaan mo ang iyong kamag-anak na si Elisabet? Alam ng lahat na siya'y baog, ngunit naglihi siya sa kabila ng kanyang katandaan. At ngayo'y ikaanim na buwan na ng kanyang pagdadalantao—sapagkat walang hindi mapangyayari ang Diyos."

Sumagot si Maria, "Ako'y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi." At nilisan siya ng anghel.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

**Homiliya** *(Umupo)*

**Panalangin ng Bayan** *(Tumayo)*

**P—**Humiling tayo sa Diyos Ama ng kalayaan mula sa kasalanan at kasamaan, sa pamamagitan ng kaniyang Anak na siyang ating tunay na Kalayaan. Manalangin tayo:

**T—O Diyos, halina't kami'y palayain.**

**L—**Manatili nawang tapat kaming iyong Simbahan sa misyong ibinigay sa amin ng iyong Anak upang ang aming pagpapatotoo ay tunay na maging mapagpalaya. Manalangin tayo: **(T)**

**L—**Palayain nawa ng mga lingkod-bayan ang mga nangangailangan ng kalayaan sa pamamagitan ng kanilang katapatan sa iyong kalooban. Manalangin tayo: **(T)**

**L—**Gawin mong mga kasangkapan, kaming mga natitipon ngayon, ng iyong pagpapalaya sa mundong nababalot ng kadiliman at paghihirap. Manalangin tayo: **(T)**

**L—**Makaranas nawa ng tunay na kapahingahan ang mga kapatid naming yumao sa piling mo. Manalangin tayo: **(T)**

**L—**Sa ilang sandali ng katahimikan, ating ipa-nalangin ang iba pang mga pangangailangan ng ating pamayanan pati na rin ang ating pansariling kahilingan *(tumahimik)*. Manalangin tayo: **(T)**

**P—**Diyos naming Ama, halina't kami ay palayain. Makita nawa namin ang iyong Anak bilang tanging daan tungo sa iyong Paghahari.

Hinihiling naming ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

**B—Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**Paghahain ng Alay** *(Tumayo)*

**P—**Manalangin kayo...

**B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

**Panalangin ukol sa mga Alay**

**P—**Ama naming Lumikha, ang iyong nagkatawang-taong Anak ay tumulong nawa sa aming ginagawa upang siya na iniluwal ni Maria nang 'di bumawas kundi lalo pang nagpaganap sa pagkabirhen, ay magpagindapat na kalugdan mo ang aming paghahain sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan sapagka't siya ang Panginoong kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B—Amen.**

**Prepasyo**
*(Panahon ng Pagdating II)*

**P—**Sumainyo ang Panginoon.
**B—At sumaiyo rin.**
**P—**Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B—Itinaas na namin sa Panginoon.**
**P—**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B—Marapat na siya ay pasalamatan.**

**P—**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya'y pinanabikan ng Mahal na Birheng kaniyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya'y inilahad ni San Juan Bautista sa kaniyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kaniyang pagsilang, kami'y nananabik at nananalanging lubos na makaharap sa kaniyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga Hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa kaitaasan!** *(Lumuhod)*

**Pagbubunyi** *(Tumayo)*

**B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay. Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

## PAKIKINABANG

**Ama Namin**

**B—Ama namin...**

**P**—Hinihiling naming...
**B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.**

**Pagbati ng Kapayapaan**

**Paanyaya sa Pakikinabang**
*(Lumuhod)*

**P**—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kaniyang piging.
**B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

**Antipona sa Pakikinabang**
(Is 7:14)

**Maglilihi itong birhen at magsi-silang ng supling na tatawaging Emman'wel, taguring ibig sabihi'y "Ang Diyos ay sumasaatin."**

**Panalangin Pagkapakinabang**
*(Tumayo)*

**P**—Manalangin tayo *(Tumahimik)*
Ama naming mapagmahal, sa pagsasalo namin sa banal na pakikinabang ang iyong kagandahang-loob ay aming hinihiling upang ang pagpaparangal namin sa Mahal na Birhen at pagtulad namin sa kanya ay magpagindapat na aming paglingkuran ang pagganap sa kaloob mong kaligtasan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B—Amen.**

## PAGTATAPOS

**P**—Sumainyo ang Panginoon.
**B—At sumaiyo rin.**

**Pagbabasbas**

**P**—Yumuko kayo't hingin ang biyaya ng Diyos. *(Tumahimik)*
Ang makapangyarihang Diyos Ama ng Bugtong na Anak na naparito na noon at hinihintay nating bumalik ngayon ay siya nawang magpabanal sa inyo pakundangan sa liwanag ng kaniyang pagdating at siya rin nawang pumuspos sa inyo sa pagpapala ngayon at magpasawalang hanggan.
**B—Amen.**

**P**—Patatagin nawa niya kayo sa pananampalataya, paligayahin sa pag-asa, at pakilusin sa pag-ibig na puspos ng sigla ngayon at magpasawalang hanggan.
**B—Amen.**


**P**—Kayong nagagalak sa pagdating ng nagkatawang-taong Manunubos ay puspusin nawa niya ng gantimpalang búhay na 'di matatapos kapag siya'y dumating nang may kadakilaang lubos magpasawalang hanggan.
**B—Amen.**

**P**—Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.
**B—Amen.**

**Pangwakas**

**P**—Humayo kayong mapayapa.
**B—Salamat sa Diyos.**


## NAIS MO BANG MAGING PAOLINONG PARI O *BROTHER*?





Kung ikaw ay *Grade 12 student, college student*, o *young professional*, lalaki, *single*, at interesadong maging pari o *brother* na ipinahahayag si Hesus sa pamamagitan ng *social communication*, halina't tuklasin ang aming buhay!

**Kontakin kami sa mga sumusunod:**
**ssp.ph** or **stpauls.ph**
**09998500036**
**09620465506**

## NAG-IISIP KA BA NG PANREGALO NGAYONG PASKO AT BAGONG TAON? BUMILI NA NG MGA *ST PAULS 2025 SEASONAL PRODUCTS*!




**TO SHOP ONLINE, VISIT:**
**www.stpauls.ph**

Bibles • Religious Books • The Youngster • Hãlo • Sambuhay • Pandasal • 365 Days with the Lord • Simbahay • Religious Articles • Altar and Church Vestments